| MATATAG K to 10 Kurikulum Lingguhang Aralin | Paaralan: | Visit DepEdResources.com for More | Baitang: | 1 |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | Makabansa |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | NOVEMBER 4 - 8, 2024 (WEEK 6) | Markahan at Linggo: | Ikalawang Markahan |

| | UNANG ARAW | IKALAWANG ARAW | IKATLONG ARAW | IKAAPAT NA ARAW |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| *A. Pamantayang Pangnilalaman* | Nauunawaan ang mga bahaging ginagampanan at tungkulin bilang kasapi ng pamilya | | | |
| *B. Pamantayang Pagganap* | Nakagagawa ng mga likhang-sining na nagpapakita ng pagpapahalaga sa kultura ng kinabibilangang komunidad | | | |
| *C. Mga Kasanayang Pampagkatuto* | Naipaliliwanag ang papel at tungkulin ng mga kasapi ng pamilya | | | |
| *D. Mga Layunin* | Nasasabi ang papel at tungkulin ng miyembro ng pamilya sa pamamagitan ng awit.<br><br>Naaawit ng simpleng kanta tungkol sa pamilya. | Naipapakita ang papel at tungkulin ng miyembro ng pamilya sa pamamagitan ng maikling dula-dulaan. | Naipakikita ang mga gawaing nagpapaunlad sa relasyon ng pamilya katulad ng laro at pampasiglang gawain. | Naipakikita ang papel at tungkuling ginampanan bilang kasapi ng pamilya sa pamamagitan ng iba't- ibang kilos-lokomotor. |
| **II. NILALAMAN/PAKSA** | 1. Papel at tungkulin ng miyembro ng pamilya.<br>2. Laro at pampasiglang gawain na nagpapaunlad sa relasyon ng pamilya.<br>3. Kilos lokomotor. | | | |
| **III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| *A. Mga Sanggunian* | Sarap kasama ang pamilya<br>https://www.youtube.com/watch?v=v-kdKPPCjfk | | | Kahulugan ng salitang lokomotor:<br>https://kwfdiksiyonaryo.ph/ |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher Cleo & Kids - MASAYANG PAMILYA (Lyric Video) Alpha Records<br>https://www.youtube.com/watch?v=heXywNhSC g8 | | | |
| *B. Iba pang Kagamitan* | Musika na gagamitin para sa "Stop Dance"<br><br>Kopya ng video na gagamitin sa aralin<br><br>Telebisyon o projector | Mga larawan (puzzles) | Bola<br>Music player | Cones para sa obstacle course |
| **IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Panimulang Gawain* | Laro: "Stop Dance"<br>1. Lahat ng mag-aaral ay patatayuin. Siguraduhin na may sapat na espasyo para makagalaw ang mga mag-aaral.<br>2. Magsasayaw ang mga mag-aaral habang nagpapatugtog ang guro ng isang kanta. | Balik-aral: Pangkatang gawain<br>1. Ang mga mag-aaral ay hahatiin sa maliliit na pangkat.<br>2. Bawat pangkat ay bibigyan ng isang puzzle (larawan ng mga tungkulin na ginagampanan ng mga kasapi ng pamilya)<br>3. Bubuuin ng mga pangkat ang puzzle. | Laro: Charades<br>1. Pipili ang guro ng mag-aaral na aarte sa harap batay sa mabubunot na salita.<br>2. Sa loob ng isang minuto, ang mapipiling mag- aaral ay bibigyan ng pagkakataon na umarte upang mahulaan ng klase ang salita. Ang pag arte na gagawin ng | Warm up: Ang klase sa gabay ng guro ay magsasagawa ng ilang mga *warm up exercises*. |


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 3. Sa pagtigil ng tugtog, lahat ng mag-aaral ay inaasahan na huminto din sa paggalaw. Ang mag-aaral na gumalaw habang walang tugtog ay papaupuin na ng guro.<br><br>Maaaring mamili ang guro ng kanta na pamilyar din sa mga mag-aaral upang mas magkaroon ng motibasyon na lumahok sa gawain.<br><br>Maaari ding magbigay ang guro ng karagdagang panuto na isabay ang kilos o sayaw ayon sa bilis o bagal ng kanta | 4. Ibabahagi ng mga pangkat kung tungkol saan ang puzzle na nabuo.<br><br>Mga halimbawa ng larawan:<br><br><br>Si nanay ay nag aalaga ng sanggol na anak.<br><br><br>Si tatay ay nagtuturo sa kaniyang anak na magbisikleta.<br><br><br>Nagtutulungan ang | mag-aaral ay base sa tungkulin na ginagampanan ng kasapi ng pamilya na tinutukoy sa maliit na papel na mabubunot.<br><br>Mga salita na nasa maliliit na papel:<br>● Tatay<br>● Nanay<br>● Ate<br>● Kuya<br>● Lolo<br>● Lola | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | magkapatid sa paggawa ng takdang aralin. | | |
| *Gawaing Paglalahad ng Layunin*<br>*ng Aralin* | Sasabihin ng guro ang layunin sa araw na ito:<br><br>"Sa araw na ito, aaralin natin ang isang awitin tungkol sa pamilya."<br><br>"Susubukan din natin na awitin ang kantang ito." | Sasabihin ng guro ang layunin sa araw na ito:<br><br>"Sa araw na ito ipakikita natin ang papel at tungkulin ng miyembro ng pamilya sa pamamagitan ng maikling dula-dulaan." | Sasabihin ng guro ang layunin sa araw na ito:<br><br>"Sa araw na ito, ipapakita natin ang mga gawaing nagpapaunlad sa relasyon ng pamilya katulad ng laro at pampasiglang gawain." | Sasabihin ng guro ang layunin sa araw na ito:<br><br>"Sa araw na ito, tayo ay lalahok sa mga gawain na nagpapakita ng papel at tungkulin na ginagampanan bilang kasapi ng pamilya sa pamamagitan ng iba't ibang kilos-lokomotor." |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Gawaing Pag-unawa sa mga Susing- Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto sa Aralin* | Tatalakayin ng guro ang mga sumusunod tungkol sa mga awit:<br><br>● Ang mga awit ay mayroong kahulugan.<br>● Maaaring ito ay gamitin upang magpahayag ng mensahe.<br>● Ang mga awit ay maaari din na tungkol sa pagpapahayag ng damdamin. | Bibigyang kahulugan ng guro ang dula o drama:<br><br>Ang dula o drama ay pamamaraan upang maipakita sa harap ng madla o manunuod ang isang totoo o kathang isip lamang na pangyayari.<br><br>Maaaring magbigay ng halimbawa ang guro upang mas maunawaan ng mga mag-aaral.<br>Maaaring gawing batayan ang mga palabas sa telebisyon. | Tatalakayin ng guro at ng mga mag-aaral ang mga gawain na nagpapaunlad sa relasyon ng pamilya gamit ang mga sumusunod na tanong:<br>1. Ano ang mga gawain na inyong ginagawa kasama ang inyong pamilya?<br>2. Ano ang inyong nararamdaman sa tuwing ito ay ginagawa ninyo kasama ang inyong pamilya? | Bibigyang kahulugan ng guro ang lokomotor na kilos:<br><br>“Ang lokomotor na kilos ay ang uri ng kilos kung saan ang kilos ng katawan ay nagbabago ng lugar o direksyon.”<br><br>Maaaring ipakita ng guro kung paano ito ginagawa. (Pagtakbo o paglakad) |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Pagbasa sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | Ang mga mag-aaral sa gabay ng guro ay manunuod ng isang video na tungkol sa pamilya.<br><br>Halimbawa ng video na maaaring gamitin:<br><br>"Sarap kasama ang pamilya"<br>[https://www.youtube.com/watch?v=v-kdKPPCjfk](https://www.youtube.com/watch?v=v-kdKPPCjfk) | Bibigyan ng pamantayan ng guro ang klase tungkol sa gawain na ito:<br>1. Ang klase ay mahahati sa maliliit na grupo.<br>2. Magtatalaga ang guro sa bawat grupo ng kasapi ng pamilya na dapat makita sa kanilang pagtatanghal.<br>3. Layunin ng mga mag-aral na maipakita ang papel at tungkulin ng nakatalagang kasapi ng pamilya sa kanilang itatanghal na dula.<br><br>Maaaring magbigay ng mga larawan ang guro na magiging gabay ng mag-aaral sa kanilang dula-dulaan.<br><br>● Lolo – larawan ng lolo na | Laro: Paint me a Picture<br>1. Ang klase ay mahahati sa maliliit na pangkat.<br>2. Ang guro ang magbibigay ng hudyat sa mga mag-aaral kung ano ang dapat nilang maipakita. (mayroong mga halimbawa ng pangyayari na nasa baba)<br>3. Bilang isang grupo, ang mga mag-aaral ay aarte na parang larawan na nagpapakita ng pangyayari na binanggit ng guro.<br>4. Maaaring bigyan ng ilang segundo ang mga mag-aaral para buuin ang kanilang larawan.<br>5. Iikot ang guro sa larawan ng bawat grupo upang kilatisin ang ipinapakitang larawan ng grupo. | Obstacle Race:<br>Magbibigay ng alituntunin ang guro tungkol sa gawain:<br>● Ang gawain ay maaaring gawin sa isang maluwag na lugar o silid. Mainam na kumportable ang mga mag-aaral na gumalaw.<br>● Ang klase ay mahahati sa maliliit na pangkat. Sila ay tatayo nang nakalinya sa kabilang dulo ng silid.<br>● Maaaring gumamit ng mga cones ang guro upang gumawa ng obstacle.<br>● Isa-isa na tatakbo ang mag-aaral paikot sa *obstacle course* batay sa mapipiling larawan ng grupo. Ang hindi sumunod sa larawan ay uulit |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | binabasahan ng libro ang apo.<br><br>● Lola – larawan ng lola na nagluluto para sa mga apo.<br><br>● Nanay – larawan ng nanay na nag-aalaga sa may sakit na anak.<br><br>● Tatay- larawan ng tatay na naghahatid sa anak sa paaralan. | Halimbawa ng mga pangyayari na sasabihin ng guro:<br>1. Pagkain ng sabay-sabay ng pamilya.<br>2. Paglalaro sa parke ng pamilya.<br>3. Sabay-sabay na paglilinis ng bahay.<br>4. Panunuod ng telebisyon ng magkakasama. | muli sa umpisa ng *obstacle course*.<br>● Maaaring gumamit ang guro ng pito upang maging hudyat ng pagsisimula ng gawain.<br><br>Mga halimbawa ng larawan na ibibigay ng guro sa mag- aaral:<br>1. Larawan ni lolo.<br>2. Larawan ni lola.<br>3. Larawan ng sanggol/bunsong kapatid.<br>4. Larawan ng mahiyain na dalaga.<br>5. Larawan ni tatay.<br>6. Larawan ni nanay na maraming pinamili sa palengke.<br>7. Larawan ng mga bata na naglalaro. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | |  | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | Tatalakayin ng guro ang pinanood na video gamit ang mga sumusunod na tanong:<br>1. Tungkol saan ang video na pinanood?<br>2. Ano ang mga gawain ng pamilya na nakita sa video?<br>3. Ano kaya ang nararamdaman ng mga kasapi ng pamilya sa video na pinanood? | Bibigyan ng pagkakataon ang bawat pangkat na ipakita ang ihinandang dula. | Ipaliliwanag ng guro na ang larong ito ay maaaring gawin ng mga mag-aaral kasama ang kanilang buong pamilya.<br>Laro: Pass the Ball<br>1. Ang klase ay tatayo sa paligid ng silid.<br>2. Ang guro ay magpapatugtog ng isang awitin.<br>3. Magpapasahan ng bola ang mga mag-aaral ngunit bawal ito ipasa sa mag- aaral na nasa kanan o kaliwa nila.<br>4. Hindi rin maaaring ipasa ang bola sa mga mag-aaral na nagkaroon na ng pagkakataon | Sa pangalawang pagkakataon, maaaring magkakahalo na ang larawan sa isang grupo.<br>- Sa isang grupo ay may isa o dalawang mag-aaral na gagaya sa galaw ng lolo, lola, tatay, nanay, bunso, dalaga.<br><br>Maaaring gumamit ang guro ng pito upang maging hudyat ng pagsisimula ng gawain. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | mahawakan ang bola.<br>5. Lahat ng mag-aaral ay dapat makahawak sa bola hanggang sa matapos ang tugtugin.<br>6. Oorasan ng guro ang buong laro. | |
| *Pagpapalalim ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | Magpapakinig ng isang kanta muli ang guro na tungkol sa pamilya.<br><br>*Teacher Cleo & Kids - MASAYANG PAMILYA (Lyric Video) Alpha Records*<br><br>*https://www.youtube.com/watch?v=heXywNhSC g8*<br><br>**Tala sa Guro:** Maaaring gumamit ng ibang video/kanta na ayon sa kontektso ng mga mag-aaral.<br><br>Tatalakayin ng klase kung tungkol saan ang kanta batay sa pakikinig. | Sa bawat pagtatanghal, maaaring iproseso ng guro ang pagtatanghal gamit ang mga sumusunod na tanong:<br>1. Sino-sino ang mga kasapi ng pamilya na nakita sa pagtatanghal?<br>2. Ano-ano ang mga tungkulin na ipinakita sa pagtatanghal? | Uulitin muli ang laro, pero sa pagkakataong ito, layunin ng klase na mas mabilis na magawa ang laro. | Ipoproseso ng guro ang gawain sa pamamagitan ng mga sumusunod na tanong:<br>1. Ano ang kilos na pinakamadaling gawin?<br>2. Anong kilos ang pinakamahirap gawin?<br>3. Ano ang napansin sa unang subok sa gawain? (Maaaring ilarawan ng guro ang nangyari- isang larawan ng kasapi ng pamilya ang gagawin ng grupo)<br>4. Ano ang napansin sa pangalawang subok sa gawain? (larawan ng iba't- ibang kasapi ng pamilya ang nasa mga kasapi ng grupo) |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Sa gabay ng guro, kakantahin ito ng mga mag aaral.<br><br>Lyrics ng kanta: *Masayang pamilya ay laging sama-sama Kahit may problema ay nagkakaisa*<br>*Si Tatay, at Nanay, si ate at kuya*<br>*Kasama si bunso,*<br>*O kay saya-saya (O kay saya-saya)*<br><br>*Si Tatay at Nanay sa ati'y gumagabay Magandang kinabukasan sa ati'y ibibigay*<br>*Kaya tayong mga anak dapat na tandaan Sumunod sa magulang Pagpapala'y makakamtan*<br>*Dalangin naming o Dios ang pag-iingat mo Pamilya ko'y patnubayan mo*<br>*Salamat po Hesukristo* | | | Maaaring ipaliwanag ng guro sa mga mag-aaral ang sumusunod:<br>● Ang bawat kasapi ng pamilya ay may kalakasan at kahinaan.<br>● Ang pagkakaiba ng iba't-ibang kasapi ng pamilya ay nakatutulong upang magawa ang isang gawain. |
| | | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Paglalapat at Paglalahat* | Itatanong ng guro ang mga sumusunod:<br>1. Ano ang inyong naramdaman habang kumakanta?<br>2. Ano ang iyong pinaka gustong bahagi ng aralin sa araw na ito?<br>3. Ano ang natutunan mo sa gawain sa araw na ito? | Babalikan ng guro ang layunin. Itatanong ito sa mga mag-aaral bilang paglalahat at pagtataya na ng natutuhan sa araw na ito:<br><br>"Ano ang inyong naramdaman matapos ang gawain?"<br><br>"Ano ang mga natutunan ninyo sa pagtatanghal ng inyong mga kaklase?" | Itatanong ng guro ang mga sumusunod:<br>1. Ano ang inyong naramdaman habang naglalaro?<br>2. Ano ang iyong pinaka gustong bahagi ng laro?<br>3. Ang laro bang ito ay iyong magagawa kasama ang iyong pamilya? Bakit oo o bakit hindi?<br><br>- | Isasagawa ng klase ang mga ehersisyo na pampalamig o *cool down exercises*. Mga halimbawa ng *cool down exercises*:<br>● Breathing exercise<br>● Stretching exercise |
| *Pagtataya ng Natutuhan* | Ang pakikilahok sa mga gawain ang magsisilbing output ng mga mag-aaral sa araw na ito. | Ang pakikilahok sa mga gawain ang magsisilbing output ng mga mag-aaral sa araw na ito. | Ang pakikilahok sa mga gawain ang magsisilbing output ng mga mag-aaral sa araw na ito. | Ang pakikilahok sa mga gawain ang magsisilbing output ng mga mag-aaral sa araw na ito. |
| *Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)* | | | | |
| *Mga Tala* | | | | |
| *Repleksiyon* | | | | |

| Inihanda ni: | Nirebyu ni: | Pinagtibay ni: |
| --- | --- | --- |
| ______________________ | ______________________ | ______________________ |
| Guro | Master Teacher / Head Teacher | School Head |